

# Pagsasanay sa Filipino

Pangalan \_\_\_\_\_ Petsa \_\_\_\_\_ Marka \_\_\_\_\_

## Gamit ng mga Pangngalan

Kakayahan: Natutukoy kung ano ang gamit ng pangngalan sa pangungusap

Tukuyin ang gamit ng pangngalan na may salungguhit. Isulat ang sagot sa patlang gamit ang mga titik na sumusunod: **S** (simuno o paksa), **KP** (kaganapang pansimuno), **P** (panawag), **PM** (pamuno), **TL** (tuwirang layon), o **LP** (layon ng pang-ukol).

- \_\_\_\_\_ 1. Si G. Teodoro ay kawani sa munisipyo ng kanyang siyudad.
- \_\_\_\_\_ 2. Si Maricel, ang panganay ni Gng. Romeo, ay magtatapos sa susunod na taon.
- \_\_\_\_\_ 3. Ramil, magsaliksik tayo sa silid-aklatan mamayang hapon.
- \_\_\_\_\_ 4. Ang pulong na ito ay tungkol sa mga bagong panukala.
- \_\_\_\_\_ 5. Gumuhit ng napakagandang larawan ang tanyag na pintor.
- \_\_\_\_\_ 6. Sina Carmina at Shiela ay sasama sa ating paglalakbay.
- \_\_\_\_\_ 7. Kuya, kayo po ba ang maghahatid sa amin sa paaralan ngayon?
- \_\_\_\_\_ 8. Kumakain ng matatamis na mangga ang mga bata.
- \_\_\_\_\_ 9. Ang aking ama, si G. Gregorio Martin, ay nagpapasalamat sa inyong walang humpay na pagsuporta.
- \_\_\_\_\_ 10. Unti-unting nawawala ang tiwala ng mga mamamayan sa pamahalaan.
- \_\_\_\_\_ 11. Si Jonas ay mag-aaral sa ika-anim na baitang.
- \_\_\_\_\_ 12. Ang mga halaman ay para sa hardin sa gitna ng plaza.
- \_\_\_\_\_ 13. Bumili ng mas malaking sasakyan si Roger para sa kanyang pamilya.
- \_\_\_\_\_ 14. Hadlang sa kaunlaran ang mga katiwaliang nagaganap sa pamahalaan.
- \_\_\_\_\_ 15. Sa susunod na linggo na po ang mga pagsusulit namin sa paaralan, Nanay.

# Pagsasanay sa Filipino

Pangalan \_\_\_\_\_ Petsa \_\_\_\_\_ Marka \_\_\_\_\_

## Gamit ng mga Pangngalan (Mga Sagot)

Kakayahan: Natutukoy kung ano ang gamit ng pangngalan sa pangungusap

Tukuyin ang gamit ng pangngalan na may salungguhit. Isulat ang sagot sa patlang gamit ang mga titik na sumusunod: **S** (simuno o paksa), **KP** (kaganapang pansimuno), **P** (panawag), **PM** (pamuno), **TL** (tuwirang layon), o **LP** (layon ng pang-ukol).

- KP   1. Si G. Teodoro ay kawani sa munisipyo ng kanyang siyudad.
- PM   2. Si Maricel, ang panganay ni Gng. Romeo, ay magtatapos sa susunod na taon.
- P    3. Ramil, magsaliksik tayo sa silid-aklatan mamayang hapon.
- LP   4. Ang pulong na ito ay tungkol sa mga bagong panukala.
- TL   5. Gumuhit ng napakagandang larawan ang tanyag na pintor.
- S    6. Sina Carmina at Shiela ay sasama sa ating paglalakbay.
- P    7. Kuya, kayo po ba ang maghahatid sa amin sa paaralan ngayon?
- S    8. Kumakain ng matatamis na mangga ang mga bata.
- PM   9. Ang aking ama, si G. Gregorio Martin, ay nagpapasalamat sa inyong walang humpay na pagsuporta.
- TL   10. Unti-unting nawawala ang tiwala ng mga mamamayan sa pamahalaan.
- KP   11. Si Jonas ay mag-aaral sa ika-anim na baitang.
- LP   12. Ang mga halaman ay para sa hardin sa gitna ng plaza.
- TL   13. Bumili ng mas malaking sasakyan si Roger para sa kanyang pamilya.
- KP   14. Hadlang sa kaunlaran ang mga katiwaliang nagaganap sa pamahalaan.
- P    15. Sa susunod na linggo na po ang mga pagsusulit namin sa paaralan, Nanay.